
LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino
# Ang Pamamasyal sa Hardin



Isinulat ng Komar Rien Komar Cheh


Iginuhit ni El Huyno




Ito si Samuel, ang anak na lalaki.
Ito si Sofia, ang kaniyang ina.



Naglalakad sila
sa hardin.




Nakikita ba ni Samuel
ang mga puno ng
Kalachuchi?
Nakikita ni Samuel
ang mga puno
ng Kalachuchi.



Binilang ni Samuel
at ng kaniyang ina
ang mga puno ng
Kalachuchi: isa,
dalawa.



Nakikita ba ni Samuel
ang mga ibon?
Nakikita ni Samuel
ang mga ibon.



Binilang ni Samuel
at ng kaniyang ina
ang mga ibon: isa,
dalawa, tatlo.




Nakikita ba ni Samuel
ang mga paruparo?
Nakikita ni Samuel
ang mga paruparo.



Binilang ni Samuel at ng kaniyang ina ang mga paruparo: isa, dalawa, tatlo, apat.




Nakikita ba ni Samuel ang mga bag na plastik? Nakikita ni Samuel ang mga bag na plastik.




Binilang ni Samuel at ng kaniyang ina ang mga bag na plastik: isa, dalawa, tatlo, apat, lima.



Nakikita ba ni Samuel
ang basurahan?
Nakikita ni Samuel
ang basurahan.



Pinulot ni Samuel ang
mga bag na plastik
upang ilagay
sa basurahan.



Naging maganda ang karanasan ni Samuel sa pamamamasyal sa hardin kasama ang kaniyang ina. Natuto siyang magbilang at nakatulong pa na maging malinis ang kapaligiran.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation